The Lord's Flock

THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Ang *Trust Fund* ng Diyos

By: Sis Techie Rodriquez, Elder-Founder, TLF

September 9, 2020

Ang *"Trust Fund"* ay binubuo ng mahahalagang bagay (ari-arian, pera sa bangko, atbp) na pinamamamahalaan ng katiwala ng benepisyaryo ng pondo. Sa kabilang banda, ang *"Trust Fund"* ng Diyos ay tumutukoy sa espirituwal na kayamanan na naka-deposito sa kanya-kanyang *account* sa langit, para makamtan ang buhay na walang hanggan. Kaya't huwag mag-impok ng kayamanan dito sa lupa; sa halip, impukin ninyo ay kayamanan sa langit (Mt 6:19-21).

**1.Paghahasik at Pag-aani**

- Sa Gen. 8:20-22, nang natuyo ang baha, nagtayo si Noe ng dambana para magpasalamat. Natuwa si Yaweh at ipinangakong di na Niya susumpain ang lupa. Tagtanim, tag-ani palaging sasapit.
-Ang pagtatanim ay may pananampalatayang magkaroon ng masaganang ani. Gaya ng buto na namumunga, ang pananalig ay bunga ng pakikinig sa Salita ng Diyos (Rom 10:17). Kung tumubo ang naihasik na buto sa puso natin, lalago ang ating kaluluwa. Nagbibigay ang Diyos ng kaligtasan sa kalusugan, kayamanan at kasaganaan sa buhay (Kawikaan 3).
-Nanakawin ng kalaban ang ating tuwa't kapayapaan, ngunit ibabalik ng Diyos ang lahat ng nawala sa atin (Joel 2:23-27).

**2.Ano ang nagtatakda ng ating ani (Mt. 13)?**

**2.1 Lupa** Dapat sa matabang lupa nakatanim ang buto. Gaya sa lupa, ihanda ang ating pusong may sabik sa pagtanggap sa Salita ng Diyos.

**2.2 Lalim** Dapat malalim ang pagkakatanim sa buto. Dapat matibay na nakatanim sa puso natin ang Salita ng Diyos, para hindi tayo mabuwal pag may unos na dumating sa ating buhay.

**2.3 Panahon** May panahon ang pagtatanim at may panahon ng pag-aani (Ecc. 3). Nangangailangan din ng panahon ang pananalig para lumago.

**2.4 Lugar** Dapat marunong tayong mamili ng lugar kung saan tayo magtatanim. Saan natin pinalalago ang ating pananampalataya?

**3. Ang Batas ng Pagtatanim at Pag-aani (2Cor.9**)

- Namumunga ang lahat ng ating gawa.

**3.1 Ang batas ng Pag-aani**

- Lahat tayo ay nagtatanim. Kung naghahasik tayo ng kakaunti, mag-aani tayo ng kakaunti at kung naghahasik tayo ng marami, marami ang aanihin. Maghasik tayo ng kabutihan;magbigay ng pag-asa; maging mapagbigay sa ibang tao (Ps 126-5-6).

**3.2 Mga bagay-bagay sa puso**

- Hindi natin mauuna ang Diyos kung isinasabay natin ang ating sariling kapakanan.
- Ang tuwa at galak sa puso natin ay makakamit sa piling ng Diyos at resulta ito ng pagsunod.

**3.3 Nag-aani ng higit sa ating itinanim. Dumadami ang butong naihasik (Hosea 8:7).**

-Magbigay kayo, at bibigyan kayo ng Diyos: hustong takal, siksik at umaapaw (Lk 6:38). Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap (Gawa 20:35).

**Konklusyon:**

Mamuhunan tayo sa *Trust Fund* ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay saya sa Kanya. Malaki ang tubo natin sa langit kung magpapalaganap tayo ng Kanyang salita at magbabahagi ng ating biyaya ( Fil 4:16-17).

**Pagninilay:**

Ano ang iyong inihahasik? Naghahasik ka ba ng kasinungalingan? Ipinapalaganap mo ba ang Salita ng Diyos sa iyong pamayanan?

Isinalin ni: Sis Nida Cruz
Na-edit / Naaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano
For more teachings:
**www.lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials**